Committee on Labor, Trade Commerce and Industry
Committee on Finance, Budget and Appropriation

Office of the Sangguniang Panlungsod Received JUL 2025

**JOINT COMMITTEE HEARING REPORT**
NO. LCTI-021-S-2025

---

Subject: ***PROPOSAL FROM THE PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION CAVITE CHAPTER – MOLINO CIRCLE REQUESTING A REDUCTION ON THE PRESENT FEES CHARGED FOR BUSINESS PERMITS IN BACOOR CITY, CAVITE. (PCR 003-2025 (PCR 745-2025) dated July 7, 2025).***

---

The proposed resolution was sent to the Sangguniang Panlungsod by the Office of the City Mayor on February 3, 2025. The said measure underwent First Reading on February 10, 2025. Committee hearings on the proposed resolution took place on the following dates: February 27, 2025, March 13, 2025 and July 10, 2025, at SP Session Hall, 6th Floor, City of Bacoor Legislative and Disaster Resilience Building, Bacoor Government Center. Members of the Philippine Dental Association – Cavite attended the said hearing. Attached to this report is the attendance sheet and pictures taken during the said hearing.

The joint committee hearing was presided over by **Hon. Reynaldo M. Fabian**.

**FINDINGS:**

The Philippine Dental Association Cavite Chapter–Molino Circle, represented by their counselor, Dr. Ely Jesse P. Legaspi, and the president of the Cavite Dental Chapter, Dr. Melnita O. Bayot, wrote a letter to the Hon. Strike B. Revilla, the City Mayor of Bacoor, expressing their concerns about the present fees charged for business permits, which they believe are greater than in nearby cities.

Also, the pervasiveness of illegal dental practice in the vicinity of the City of Bacoor was mentioned in their letter. This predicament affects the income and risks the overall dental health status of the Bacooreños.

Furthermore, the association also asked for a more effective way to obtain business permits, specifically the health and sanitary permit. In order to receive the sanitary permit, they are requesting to be exempted from the Bacoor Disaster Risk Reduction & Management Office's (BDRRMO) Basic Life Support seminar. According to Dr. Legaspi, they already have a certification and identification card from the Philippine Heart Association (PHA), which attests to their completion of comprehensive hands-on training in Basic Life Support.

Finally, based on the issues brought forth by the aforementioned association, SP Secretary, Atty. Khalid Atega Jr. and the Office of the City Legal Service (OCLS) drafted a proposed



SCAN ME
STR1KE AS1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417 0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS
Cert. no. 24/181809

ordinance entitled "AN ORDINANCE PROMOTING ORAL HEALTH, SUPPORTING THE DEVELOPMENT OF PROFESSIONAL DENTAL PRACTICE IN THE CITY OF BACOOR, CAVITE AND PROVIDING PENALTIES FOR VIOLATIONS HEREOF."

**RECOMMENDATION:**

After careful consideration, the Joint Committee recommends that the proposed resolution be **ARCHIVED** and be **REMOVED** from the Order of Business of the next regular session.

**WE HEREBY CERTIFY** that the contents of the foregoing report are true and correct.

Signed this 11th of July 2025 at the City of Bacoor, Cavite.

**Committee on Labor, Trade Commerce and Industry**

**COUN. REYNALDO M. FABIAN**
*Chairman*

**COUN. CATHERINE SARINO - EVARISTO**
*Member, Committee on Labor, Trade Commerce and Industry*
*Vice Chairman, Committee on Finance, Budget and Appropriation*

**COUN. ROBERTO L. ADVINCULA**
*Member*



SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181600

Republic of the Philippines
Province of Cavite
**CITY OF BACOOR**
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

AWARDEE 8 years in a row!

**Committee on Finance, Budget and Appropriation**

**COUN. ROGELIO M. NOLASCO**
*Chairman*

**COUN. REYNALDO D. PALABRICA**
*Member*

**COUN. RICARDO F. UGALDE**
*Member*



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417 0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS
Cert no 24/181800

**Committee on Labor, Trade Commerce and Industry**
**Committee on Finance, Budget and Appropriation**

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: [illegible]
Date: 14 JUL 2025
Time: [illegible]

# JOINT COMMITTEE HEARING MINUTES

NO. LCTI-021-S-2025

---

Subject: ***PROPOSAL FROM THE PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION CAVITE CHAPTER – MOLINO CIRCLE REQUESTING A REDUCTION ON THE PRESENT FEES CHARGED FOR BUSINESS PERMITS IN BACOOR CITY, CAVITE. (PCR 003-2025 (PCR 745-2025) dated July 7, 2025).***

---

The 2nd Joint Committee hearing was chaired over by Hon. Reynaldo M. Fabian and Hon. Rogelio Nolasco held on March 13, 2025, 2:00 pm at the OVM Pantry, 6th Floor, City of Bacoor Legislative and Disaster Resilience Building, Bacoor Government Center. Hon. Reynaldo Palabrica, Hon. Adrielito Gawaran and Hon. Alejandro Gutierrez attended the said joint committee hearing.

The following were the resource persons:

- Atty. Nathaniel de Leon of the City Legal Services Office (CLSO)
- Atty. Rutchelle Q. Austria of the City Administrators Office (CAO)
- Mr. Christian Gawaran of the Business Permit and Licensing Department (BPLD)
- Mr. Richard Quion of the Bacoor Disaster Risk Reduction and Management Department (BDRRMO)
- Ms. Victoria Magpantay, Mr. Bernard Adante and Mr. Patrick Legaspi of the Bacoor City Health Office (CHO)
- Mr. Lodgene Asuncion of the E-Governance/Management Information System (MIS)
- Dr. Ely Jesse P. Legaspi and Dr. Agnes M. Sartiga of the Molino Dental Circle
- Dr. Melnita O. Bayot , Dr. Tagumpay P. Tapawan, and Dr. Ma. Rose G. Nolasco of the Cavite Dental Chapter

The above-mentioned subject was referred to the Committee on Labor, Trade Commerce and Industry as the lead committee and Committee on Finance, Budget and Appropriation as the sub-committee.

Coun. Fabian started the hearing by introducing the attendees.

Coun Palabrica: Will you enlighten this committee about your request.



SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417 0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS
Cert no. 24/181809

Dr. Legaspi: Maraming salamat po for this opportunity. Nagkaroon po kami ng mga series of meetings with Mayor Strike and then ito na po, nagsulat na po kami ng letter of request para mapadali ang aming pag-aapply ng business permit at mayor's permit at mapababaan kahit papaano yung aming fees po for business permit. May letter po kami. Ito po yun letter, gusto niyo po bang basahin yun letter?

Coun. Palabrica: Nabasa na rin namin. Gusto lang namin marinig yung paliwanag sa amin yung letter na yun, iintindihin naman namin baka kasi may interpretation kami na hindi ayon sa interpretation mo. That's why we are requesting.

Dr. Legaspi: First of all, sa fees po muna. Nirerequest po namin na mapababa ang fees. Napansin po kasi namin sa ibang mga city, mnedyo mababa po yung fees nila. Nakapagpresent po kami last time ng fees from Dasmariñas at General Trias , yung kanilang fees mng kanilang mayor's permit. Marami rin po kasing bayarain ang mga dentista. Marami rin pong mga offices na binabayaran, mga government offices katulad ng DENR, yung BIR, tapos coming na rin po susunod ang Department of Health, yun naman po ang susunod naming kakaharapin. For the payment, for the fees sa pagaasikaso po ng mga requirements for the mayor's permit at sanitary permit Medyo Nakita po namin na pagdating po sa mayor's permit, okay naman po. Nagaappeal lang namn po kami sa fees. Mayroon po kasing working permit and health (sanitary permit).

Dr. Sartiga: Ang pangalawang reason po kaya kami humihingi ng apila sa pagbaba ng mayor's permit dahil po ang aming expenses ay mataas. Wala po kami magagawa kung hindi ipasa ito sa mga pasyente. Karamihan sa mga pasyente natin ay galing din sa Bacoor. Papaano natin mabibigyan ng magandang oral health kung hindi na kakayanin. Kaya as much as possible po kumakatok kami sa inyo na sana po ay mapagbigyan niyo kami para naman po hindi rin namin sila mabigyan ng panibagong gastusin kasi wala naman po kaming ibang mapagpapasahan. Hindi naman po lahat ng dental clinic malakas kumita at hindi naman po lahat ay nasa mall. Kami po ay base to daily basis lang. Pag walang pasyente, wala po kaming kita. Yun lamang po.

Coun. Palabrica: Parang nakonsensya kami. Alam niyo po kasi all of the fees being collected by the local government is based on the ordinance. We cannot collect fees/accept fees without the basis of the ordinance, the revenue ordinance. Ang gusto ko lang itanong Mr. Chair, with your kind indulgence, ano-anong mga fees ang sinisingil natin, the same fees ng lahat ng businesses operating within the jurisdiction of our city?

Mr. Gawaran: Actually, wala po silang business tax, more on regulatory fees.

Coun. Palabrica: Wala silang business tax because service sila.

Mr. Gawaran: Practice of profession.

Coun. Palabrica: So exempted na sila doon. Ang sinisingil na lang natin all of the regulatory fees. What are those? Paki-enlighten mo, baka nakalimutan nanamin.


SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417 0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS
0273
Cert. no: 24/181809

Mr. Gawaran: Mayor's permit fee, environmental fee, business plate, medical fee, processing fee, security seal, sanitary fee, zoning, building, electrical, plumbing, signboard, mechanical, barangay clearance, and fire safety.

Coun. Palabrica: Yung ibang fees doon kung magtatayo pa lang katulad ng building permit.

Mr. Gawaran: Annual po nilang babayaran. Wala na pong magbabago doon except sa zoning, renewal po medyo nababawasan. 2022 kami nagrevised ng revenue code talagang medyo tumaas ang iba since 2013 pa po kami di nagrerevise. So compared sa baka sa Dasma at Gentri medyo mababa pa sila, ang knowledge ko po, hindi pa sila nagrerevise.

Dr. Tapawan: With your indulgence Mr. Chair, actually po every 5 years, nag-aano po kami ng revenue code. Actually, before po it was 12, 000. Then, since pumasok po ako sa SP, being exempted from the business permit kasi we are asked to choose between the two, noong inilalapit namin sa Congress, between the two, the business permit or mayor's permit. Pinili na lang namin idelete ang business permit.

Coun. Palabrica: Ang reality kasi dito, every 5 years kasi, actually nirerequire ang LGU ng Department of Finance para mag-update ng mga fees kung naririnig niyo ang statement ng ating BPLD representative ang last natin revision was 2013, napakalayo. Kasi yung value of money, malayo na rin. Ngayon, gustong-gusto namin kayong pagbigyan, bakit hindi. Nandito si Kapitan Rose, kasama noong araw pa. Ang problema lang natin dyan sa ngayon ay hindi pwede exemption kasi. Alam ni konsehala yan. Ang ibig kong sabihin ang dental sector sabihin natin, ibaba natin ang fees magiging selective ang batas. Ang batas laging general yan. Ang approach ng batas laging general. Hindi pwedeng selective. Gusto namin kayong pagbigyan pero pinag-iisipan natin. Baka matulungan niyo kami kung pano. Baka konsehala matulungan niyo kami. Ngayon, kung ibaba namin ang fees sa inyo palagay ko may domino effect to. Kasi yung mga hospitals, si ganito may kasunod na. Yun lang yung isa sa nakikita ko. Gusto ko lang din itanong sa inyo, what will be your opinion based on the my (manifestation).

Dr. Tapawan: The justification that I can (say), especially on the environmental fees I told before. Nakita ko sa inyo P 2,100 whereas on Dasmariñas we only have P 500.

Coun. Palabrica: Tataas pa po yan next year, yang P 2,000 natin. Kasi door to door ang aming services namin sa inyo, door to door, 3x a week.

Dr. Tapawan: Ang Dasmariñas po, almost, kami, sa subdivion po namin ay 3x a week din. Sa dentist naman po kasi ang pinakikiusap namin, kaya namin pinakikiusap yon cause which we also bring it sa DENR, and inexplain din namin kay mayor. Ang laki ng epekto.

Coun. Palabrica: Annual din ba ang payment niyo sa DENR?

Dr. Tapawan: Quarterly.

Coun. Palabrica: Magkano binabayaran ninyo?

Dr. Nolasco: May private hauler po na umiikot sa amin kinokolekta po ang hazardous waste tapos may…

Coun. Palabrica: Yung DENR mismo.

Dr. Nolasco: Yan po yun, kasama po sila yang hauler. Sir last week lang po ako nakabayad, nasa P 7,500.

Coun. Palabrica: Saan kayo nagbabayad? Sa DENR mismo?

Dr. Nolasco: Ito po konsi, ito po ang message sa akin.

Coun. Palabrica: One-time payment ang environmental na P 4,500, plus one time membership. One-time payment din. Ito yung P 5,000 payable annually, ito yung sinasabi niyo. Ito yung sinasabi ninyong P 5,000 annually. Tapos ang bayad niyo quarterly. So binebreakdown ni doktor. Dito kasi sa nakikita kong dokumento na pinakita sa akin 1 item, is one-time payment, 2 is one-time payment, 3 is DBDP for stand-alone house clinic based P 5,000 payable annually. Ito ba yung sinasabi niyo na quarterly?

Dr. Nolasco: Yung hauling pa, iba po yung bayad ng hauling. Konsi may nagtatanong kasi sa akin hindi ko po rin masagot sila. May kausap po ako na taga Bacoor Dental Service. Hindi po malinaw sa lahat yung environmental fee na nakainclude sa mayor's permit. Hindi ko po mapaliwanag kung bakit chinacharge kami kasi Nakita po nila na yun yung pinakamalaki, P 2, 900. Ano daw pong services ba yon? Hindi rin po malinaw sa amin, kaya hindi rin namin mapaliwanag. Yun ba yung umiikot na collector ng basura. Kaya ang sabi ko na lang sa kanya, sa pagkakaalam ko hindi siya particular sa..

Coun. Palabrica: Hindi lang siya limted doon sa solid waste disposal. Gusto ko lang impart sa inyo na ang ating city government ay gumagastos not less than 300 million a year para lang doon natin sa disposal ng solid waste. Aside from that, yung nakokolekta dyan sa particular fees ay kasama din don sa climate adaptation programs ng city government. Katulad ng nagsosolar powered na tayo dito lahat sa mga government buildings natin all over Bacoor and not limited to just city government buildings only. Kasama yan sa ginagastusan. Yung 300 million a year lang na garbage disposal napakabigat na sa city government. Actually ang ating contractor ay gusto ng tumigil kasi ang dinedemand nila ay 450 million. Kaya nagdedevise kami ng iba pang strategy. Balik tayo doon sa issue, ang request ninyo is to lower the fees.

Dr. Tapawan: Not exemption but a little bit lower.

Coun. Palabrica: Kaya lang ang Dasmariñas kasi mayroon kayong landfilled. Meron kayon tinatabunan katabi namin. Mas lower ang cost ninyo sa waste disposal compared to Bacoor. Just



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417 0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS
Cert. no. 24/181809

imagine Madam Councilor, 300 million a year tapos mas malaki na ang kakayan ng Dasmariñas, mas malaki na rin ang NATA share ninyo, mas malaki rin ang land area ninyo kaya mas malaki ang collection. But in terms of population almost the same. Kaya almost the same diba. Pero mas malaki ang kakayanan ninyo. Pag sinabi natin ang population ang issue, ang ibig sabihin niyan gastusin. Ano ang gastusan diyan? 1. Basura, peace and order, marami. Pero 1 diyan basura. Ngayon, compared to Dasmariñas gusto lang pong mapaliwanag ng konti sa inyo mas malaki ang pera ng Dasmariñas, mas malaki ang NATA share nila, mas malaki kanilang ang lupa, mas malaki ang kanilang real property tax collection compared to Bacoor. Kasi mas maliit ang area ng Bacoor compared to Dasmariñas. Tapos we have almost the same population so ang ibig sabihin yung gastusin halos parehas tapos mas malaki ang area ng Dasmariñas.

Dr. Tapawan: I think the land area of Dasmariñas is one of the smallest, ginawa niyong dalawa yung ano ninyo.

Coun. Palabrica: Hindi po. Halos kalahati lang ang Bacoor. Hindi po, political ginawa naming dalawang distrito. Pero ang land area per se mas malaki po talaga ang Dasmariñas. Pag nilatag mo ang Dasmariñas sa Bacoor, parang ganyan lang kami sa Dasmariñas, mahigit lang sa kalahati sa land area ninyo. In terms of population, kaya ang cost the same pero mas malaki ang collection sa Dasmariñas ang revenue ng Dasma compared to Bacoor. Iyan ang result kung bakit ang fees ng Bacoor mas mataas sa Dasmariñas because the cost of ng city para sa pangangailangan ng constituent natin ay halos kaparehas lang ng Dasmariñas. So kailangan namin iangat ang revenue para macovered namin lahat ng gastusin. Kaya nga sinsabi ko sa inyo sa garabage disposal alone we are spending not less than 300 million a year. Disposal lang yon wala pa don yung pinapasweldo nating CENRO, tagalinis ng ating kalsada, pang maintain ng ating city. Not less than 300 million alone for garbage disposal. Ganyan po ang sitwasyon ng city kaya gusto ko pong ipaliwanag sa inyo kung bakit siguro, para makita ninyo kung saan napupunta ang perang binabayad.

Coun. Fabian: At saka ang tinatapunan natin, malayo, sa Rizal, sa San Mateo, Rizal. Kaya medyo mataas ang ano ng ating contractor. Hindi naman natin pwedeng pabayaan.

Coun. Palabrica: May epekto pa yung pagtaas baba ng gasolina. Kaya si contractor natin 5 years na yan dito. 300 million kaya humihingi na sila ng increase na gawin ng 450 million. Hindi natin pinapayagan kasi hindi naman natin kaya yun. Kaya ngayon ang city council sa pangunguna ni Hon. Bok Nolasco ay mayroon kaming nirerevise na mga strategies sa revenues para macover natin yung mga expenses na palaki ng palaki. Tapos pangalawa, yung ating Environment Committee chairman, pinaguusapan na rin doon sa series of public hearing siguro mga 11 public hearings na, meticulously pinoprocess namin ang ordinansa tatamaan ang mamamayan sa gastusin. Ang isa sa proposal ang city na magpapatakbo ng garbage. I door to door namin ang paghakot.

Coun. Nolasco: Kasama na ang kanilang waste.



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS
Cert. no. 24/181609

Coun. Palabrica: Kasama na ang hazardous waste ng hospitals, clinics basta yung mga establishments that produces harzardous waste i-cocover na rin namin yun. Pero nasa process pa yun. Pero going back to the issue ang request ninyo para sa akin on my personal opinion as the Pro-Tempore of the Sangguniang Panlungsod, pag-aaralan po naming mabuti. We call the attention of Committee of Finance kung ano ang magiging impact nito. Pag-aaralan namin gaano ba kayo karami dito sa Bacoor. I-call namin ang attention ng BPLD to gather data para macompute din namin. Ang number issue din konsehala magiging selective ang ordinance. Paano namin gagawin. Tulungan niyo po kami.

Dr. Sartiga: Pwede po nating i-justify through our services, na irerender sa community natin, according po dito sa nabasa ko na city ordinance din po, na kapag ang isang organization may ginagawang ikakabuti pwedeng bawasan ang tax ninya.

Coun. Palabrica: Kung baliktarin natin, wala na lang social responsibility. Bayaran ninyo na lang. Kasi may cost din ang social responsibility ninyo. Magbabayad kayo ng tao tapos pag punta ninyo dun pagkain, bawal galaw ninyo gastos. Baka mas malaki pa ang gastos ninyo sa social responsibility. Tinatanong ko lang po.

Dr. Sartiga: Liliit din po ang gastos ninyo kapag ang isang mamamayan ninyo ay magkroon ng healthy sistema ng kaniyang kalusugan. Makikita ninyo na maliit ang oral health pero ang oral health po talaga ang bumubuo sa katawan ng tao para maging isang healthy. Kung aalagaan namin ang isang tao simula pa lamang siyang magbuntis hanggang sa manganak siya, wala po kayong magiging problema.

Coun. Palabrica: Ito pong gagawin natin Mr. Chair, as head committee chairman and also a member of the Finance Committee, pag-aaralan ko kung ano pwede, katulad ng binanggit ni madam kanina na justification. Kasi honestly, gusto namin kayo pagbigyan. Ang ano lang natin dito yung technicalities at legalities issues. My personal commitment is pag-aaralan namin kung papaano tapos icoconsult namin ang mga department heads para kung anong impact nito. Last na lang, I would like to call the attention of City Health Office. Bakit kayo, pag nag-issue kayo ng environment hazard and sanitation services (ID), dentista ginawa ninyong food handlers? Ipaliwanag ninyo bakit ganito to.

Ms. Magpantay: Good afternoon po. Yung pag-issue po kasi ng mga certificates nagkaroon lang po problema. Aaminin na po namin pagkakamali po mga kasama ko. Nakapag-issue ng health certficates na yellow or food siguro po sa sobrang pagod.

Coun. Palabrica: Hindi naman nila makakakain ang ngipin. Pero hindi tama to. Hindi dapat kayo nagkakamali. ISO Certified LGU tayo. Awarded tayo ng Seal of Good Local Governance for 8 consecutive years. Ito napakamaling ginawa. Make it on record that I am calling the attention of that office. Correct ninyo ito as soon as possible. Hindi pwede to.

Ms. Magpantay: Napag-usapan na namin na kukunin namin.



SCAN ME
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
Cert no: 24/181809

Coun. Palabrica: May report pa sa amin na pati mga pharmacist ginawa ninyong food handler. Bakit yung gamot ba mani? Kinakain bay un? Mali yun.

Ms. Magpantay: Humihingi po kami ng pasensya sa inyo. Medyo nagkamali lang sa sobrang pagod sa dami ng kumukuha ng health certificates.

Coun. Palabrica: Maybe you should replace the certifications already issued. Wag sila ang papuntahin ninyo, kayo ang pumunta sa kanila. Tapos ganito para makabawi kayo sa kanila, yung letter ninya.

Dr. Legaspi: Bago po kami makakuha ng working permit kailangan po namin umattend ng seminar, na Disaster Risk Seminar. Ngayon po, yung 2 hour na Disaster Risk Seminar na inattend namin, ang topic po doon ay Basic Life Support. Samantalang ang Basic Life Support ay kinukuha po namin, requirement po saming mga dentist.

Coun. Palabrica: So kasama na sa inyong course. Ipagpaumanhin ninyo kung sa ordinansa namin hindi kayo na-exempt dyan. Kasi hindi naman namin alam na mayroon kayo pero irereview namin yung ordinance. Kasi kami nagordinance, nirerequire namin lahat. Upon the instruction of the mayor, we should prepare the residence of the Bacoor to be disaster resilient. Yan ang objective. Kaya nirerequire sila, lahat ng kumukuha ng working at mayor's permit at saka sanitary permit to undergo Basic Life Support Training. Pero kung katulad nito, certified naman kayo na nakapagundergo na, I'm very sure na pwede namin kayong exempt. So we will amend the ordinance para di lang siguro kayo, maybe ang iba pang medical sector ay maaddress din namin tungkol dyan. I would like to call the attention of the BDRRMO Chief.

Mr. Quion: Sir, I beg to disagree with the resource person na ang topic lang is Basic Life Support for 2 hours. Kasi inclusive po doon ay yung Disaster Preparedness Orientation which is about ano yung hazards na mayroon sa Bacoor. Ano po yung dapat gawin like the preparations of Go Bags. Sa bawat bahay dapat may Go Bags, sa inyong establishments. So hindi lamang siya Basic Life Support for 2 hours. Hindi po talaga.

Dr. Legaspi: Pero mas marami po yun, like 70% of the training.

Mr. Quion: It's your first year to undergo the training. Next year po pagbalik ninyo hindi na po BLS ang topic na kasama ng Disaster Risk Orientation.

Coun. Palabrica: So meaning Richard, you're opposing the proposal to exempt. Pag-aaralan natin yan. Ganito kasi becauser of their appeal, iaagenda natin yan sa Sangguniang Panlungsod the proposed amendment of the particular ordinance na nirerequire natin sila magundergo. Doon natin pag-aaralan kung dapat nga talagang exempt o hindi kasi inooppose ng ating BDRRMO.

Mr. Quion: Ang isa pa rin po, yun pong mangyayari online mayor's permit na po yan. Ang mangyayari po yun pong kinuha niyong 2 hours na face to face every other year na po siya. Yun po ang instructions ni Mayor. So yung kumabaga po yung training niyo would be valid po



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417 0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT UKAS
Cert. no. 24/181809

for two years katulad ng pinapakita niyo pero still kung sana po naiintindihan niyo rin. Ang First Aid at Basic Life Support kapag standard po yan, 6 days na kinukuha lang po ninyo ng 2 hours. Konti-konti lang talaga, kahit 1 whole day. Standard Basic Life Support and First Aid Training ng Philippine Red Cross kahit Philippine Heart Association hindi yan 1 day lang. Ito po I can consider this parang crash course lang kung 1 day lang ito. Kung standard talaga siya this is more than 1 day. But dito po sa certificate na pinakita ninyo 1 day niyo lang kinuha to. Yun nga po ang purpose po natin kaya every year iba-iba ho sana yung topics to cover everything para maidagdag natin yung knowledge, diba po. Kayo po ba papayag para kumuha ng mayor's permit magundergo kayo ng training ng 6 na araw. Ginawa na po nating 2 hours lang para win-win for you and for us na kahit papano meron po kaming naituturo tapos may return demo na ginagawa. Kahit ako po inooppose ko po yung online. Kasi paano natin makikita yung level of skill na naacquire ng tao kung online. Kasi magoonline ka tapos mageexam ka lang. Kapag nagonline 10 out of 10 ikaw ay makakakuha na ng certificate, magproproceed na yung application mo. Yun ay nakaordinansa na rin. Kaya wala na rin po kami magagawa kundi magcomply.

Dr. Nolasco: Sir Richard, diba yung BLS Training na yan ay requirements para maka-acquire kami ng mayor's working permit. Since halimbawa kami owner kami ng sarili naming clinic, so kailangan pa ba kami? Yan po yung inexplain namin kay Mayor noon na kung owner siguro naman hindi na kami para irequire pa na kumuha pa.

Mr. Quion: Again yan po yung sinasabi ni Coun. Rey kanina. It will be a selective process kung ganoon yung gagawin natin. Kung owners exempted na kayo. Kung baga blanket po yung ordinansa. For all na nagrerequire ng mayor's permit to work dapat magundergo ng training. Pwede po siguro yan pag-aralan to amend the ordinance.

Coun. Fabian: Pero palagay ko sa permit na yan dapat mga staff na lang diba.

Dr. Bayot: Kami po sa Philippine Dental Association nirerequire po kami every 2 years magrerenew kami ng Basic Life Support at tsaka meron kami every year mayroon po kaming symposium about Disaster Preparedness. Hindi po ba pwedeng isa na lng yun certificate na ipresent sa inyo para hindi naman po kami pauli-ulit na nagseseminar. Para kasing redundancy na yung ginagawa namin. Seminar kami ng seminar na iisa lang naman po yung sineseminar namin or pwede naman po bigyan niyo kami ng pagkakataon magseminar ng isang buo para hindi kami nahihirapan.

Mr. Quion: Yun pong sinsabi ninyo as a whole, pwede po yun ginagawa po namin yun. Ang CEAMC po, hospital po yan. Nagpunta po kami dun para turuan sila, lahat ng staff nila. Afterwards, pupunta pa rin sila dito para sa encoding ng pangalan nila at information then generation na lang ng certificate. Hindi na sila aattend ng 2 hours. Pero yung ginagawa namin onsite, offsite na po dahil sa kanila. Offsite po yun for us. Hindi po yun 2 hours lang. Minimum po yun ng 3 hours po yun. 3-4 hours mas dinadagdagan pa po namin. Andon na kami sa kanila. Mas mahaba na yung tinuturo namin sa kanila. We can do that po. Susulat po kayo kay Mayor. Magrerequest kayo for your group. I-aallow po natin yun. Kasi yun po ang ginagawa ng CEAMC,TaskUs actually libo po na empleyado doon po kami nagturo sa kanila. Pwede po yun



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert no: 24/181809

wala pong problema don. Kung ang tanong naman po natin yung last na tinaggap namin din po na seminar for that association, hindi po kasi siya the same as DTO natin na programa. Yun po ay nagrequest kayo sa amin to conduct, actually its not the first na ginawa namin yan sa inyo. Hindi kasi clear na nirequest niyo ito for this. Hindi po siya basta iacknowledge dito. Kasi initially po sa arrangement, ginawan niyo po ng request na it oba ay pwede na.

Dr. Legaspi: Hindi din namin alam na yan yung topic na irerequest dito, na ma-tatake namin dito.

Mr. Quion: Ito po ba ay requirements under DOLE?

Dr. Legaspi: Yes po.

Mr. Quion: Ito po ay accredited na po. Kung icertified para na rin kayong nakakuha nito sa amin. Kasi inacknowledge na rin po ng DOLE ang certification namin for requirements.

The session adjourned at 3:35 pm upon the motion of Hon. Adrielito Gawaran.

Prepared by:

**ARMILEEN LEGASPI-RED**
*Local Legislative Staff Assistant I*

Attested by:

**COUN. REYNALDO M. FABIAN**
*Chairman*



SCAN ME
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
Cert no 24/181609

Republic of the Philippines
Province of Cavite

# CITY OF BACOOR

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

AWARDEE 8 years in a row!

**Committee on Labor, Trade Commerce and Industry**
**Committee on Finance, Budget and Appropriation**

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet
Date: 7 July 2025

## NOTICE OF JOINT COMMITTEE HEARING

**(PROOF OF RECEIPT)**

July 10, 2025 at 2:00 PM
MSBR Conference Room, 4th Floor, City of Bacoor Legislative and Disaster Resilience Building, Bacoor Gov't Center

Subject: ***PROPOSAL FROM THE PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION CAVITE CHAPTER – MOLINO CIRCLE REQUESTING A REDUCTION ON THE PRESENT FEES CHARGED FOR BUSINESS PERMITS IN BACOOR CITY, CAVITE. (PCR 003-2025 dated July 7, 2025).***

| NAME | BUSINESS/OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| Moraly Gozan | OCLS | 09219107332 | [signature] 7-8-25 |
| CATHY PAULLEGEN | HON. REY PALABRICA | 09385929105 | [signature] 7/8/25 |
| Evelyn Amora | HON. ROBERTO ADVINCULA | | [signature] 7/8/25 |
| DANDY DE GUZMAN | HON. ROGELIO NOLASCO | 0929-864-8946 | [signature] 7/8/2025 |
| Jeffe Ilan | HON. CATHERINE SARINO – EVARISTO | | [signature] 07/08/2025 |
| GAILE JANE AKANTATA | HON. RICARDO UGALDE | 09298068574 | [signature] 7/8/2025 |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |



SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert no. 24/181809

Republic of the Philippines
Province of Cavite

# CITY OF BACOOR

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance AWARDEE 8 years in a row!

**Committee on Labor, Trade Commerce and Industry**
**Committee on Finance, Budget and Appropriation**

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Janet Pdao
Date: 11 JUL 2025
Time:

## ATTENDANCE OF JOINT COMMITTEE HEARING

July 10, 2025 at 2:00 PM
MSBR Conference Room, 4th Floor, City of Bacoor Legislative and Disaster Resilience Building, Bacoor Gov't Center

Subject: ***PROPOSAL FROM THE PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION CAVITE CHAPTER – MOLINO CIRCLE REQUESTING A REDUCTION ON THE PRESENT FEES CHARGED FOR BUSINESS PERMITS IN BACOOR CITY, CAVITE. (PCR 003-2025 dated July 7, 2025).***

| NAME | BUSINESS/OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| Coun. Reynoldo Fabian | SP | | |
| Coun. Roberto Advincula | SP | | |
| Coun. Rogelio Nolasco | SP | | |
| ATTY. MARCO MENDOZA | OL'C | 415 | 10.07.25 |
| Coun. Ricardo Ugalde | | | |
| Coun. Reynoldo Palabrica | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |



SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert no. 24/181809

Republic of the Philippines
Province of Cavite

# CITY OF BACOOR

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

AWARDEE 8 years in a row!









SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bdg. Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417-0727
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert no. 24/181809

Republic of the Philippines
Province of Cavite
# CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

AWARDEE 8 years in a row!

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by:
Date:
Time:




